

Paliwanag Kung Paano Nagaganap ang Isang Epidemya at Ano ang Ibig Sabihin ng *Epidemic Wave*


Mary Grace Dacuma, Ph.D.

University of the Philippines, Los Baños

(salin sa Filipino ng orihinal na Ingles)

Ipinagpapalagay na nagsimula ang epidemyang COVID-19 sa Pilipinas nang magkaroon ng imported na kaso mula sa isang tao o mga taong may impeksiyon na pumasok sa Pilipinas. Ang tao o mga taong may virus na ito ay ang pinakaunang natukoy na kaso ng nakahahawang sakit (index case) na nagkalat ng virus sa iba dito sa bansa. Hindi kabilang ang (mga) index case, lalo na yaong hindi naman naging dahilan ng lokal na transmisyon, sa bugso ng epidemya (epidemic wave).

Kapag nagkaroon ng lokal na transmisyon ng virus sa ibang tao, may panahon ng inkubasyon (ibig sabihin nito na nahawa na ng virus ang isang tao ngunit wala pang anumang sintomas o klinikal na mga senyales) na karaniwang 5.2 araw hanggang 14 na araw lumalabas. Iyon ang dahilan kung bakit may patag na linya pagkaraang magkaroon ng index case. (tingnan ang Figura).



Pagkaraan ng panahon ng ingkubasyon, unti-unti nang nagkakaroon ng sintomas at klinikal na mga senyales ang mga taong nahawahan—kaya sila humingi ng atensiyong medikal. Dagdag dito, dahil sa banta ng pandemya, mas pinaigting ng bansa ang pag-iingat at dinagdagan ang kapasidad sa screening ng mas maraming tao. Kaya, makikita ninyo ang mabilis na paglaganap at pagdami ng mga kaso (tingnan ang Figura). Ang kaluwagan sa pagbiyahe sa eroplano, mga transportasyong panlupa, o sa bangka at barko ang higit na nagpabilis sa paglaganap ng virus sa Pilipinas. Kaya, nagkaroon tayo ng epidemya (ibig sabihin, kumalat na ito pati sa maraming probinsiya at nakapanghawa ng libo-libong mga tao.)

Malalaman natin kung narating na natin ang pinakarurok ng kurba kapag ang kabuoang pagtaas ng bilang ng aktibong kaso ay nagsisimula nang bumaba (dahil sa mga lockdown, pinaigting na pag-iingat sa buong bansa, at iba pa). Sa huli, magkakaroon ng pagbaba sa bilang ng mga kaso (mangyayari ito kapag mas marami ang bilang ng gumagaling kaysa mga nahahawahan). At pagkaraan ay may puntong wala nang maitatalang anumang kaso. Doon natin malalaman na napigil na ang epidemya.

Yaong kurba mula sa mabilis na pagtaas ng bilang ng lokal na mga kaso hanggang marating ang pinakarurok hanggang sa pagbawas ng bilang ng mga kaso hanggang sa lubusang pagkasugpo ng isang epidemya ay ang tinutukoy na isang bugso ng epidemya (epidemic wave). Hindi ko isinama ang mga index case na nagsimula ng epidemya sa "bugso." Nakuha nila ang impeksiyon sa ibang lugar sa labas ng bansa.

Tala: Ginamit ang terminong epidemya sa halip na pandemya sa dahilang ang impeksiyong COVID-19 ay kumalat nang lokal sa bansa. Pandemya ito ngayon sa 213 mga bansa at mga teritoryo at nanghawa ng milyong-milyong tao. Pinasimpleng kurba o bugso lamang ito ng isang epidemya. Maaaring magkaroon ng higit na kabuoan kapag ginamit natin ang aktuwal na datos.

Ang awtor ay kasapi ng UP COVID-19 Pandemic Response Team at ng UPLB Kontra Covid19. Isa siyang Molecular Epidemiologist at nagtapos ng PhD mula sa London School of Hygiene and Tropical Medicine.